**INTERNATIONAL NAPASA ( November 26, 2024 )**

## 1)INPORMASYON UKOL SA BAKUNA NG PARA SA MGA MATATANDA

高齢者の予防注射のお知らせ

Ang Hiratsuka City ay nagbibigay ng ilang parteng tulong pinansiyal sa gastusin para sa pagbabakuna ng ***INFLUENZA*** at ***NEW CORONA VACCINE*** sa mga matatandang may edad na 65 taong gulang pataas. Ang pagbabakuna ng ***INFLUENZA*** ay mula ***October 16 h***anggang ***January 31, 2025*** ay nagkakahalaga ng **¥ 1600.** At ang pagbabakuna ng ***NEW CORONA VACCINE*** ay mula ***October 16*** hangang ***March 31, 2025*** at nagkakahalaga ng **¥ 2800**. Magpabakuna sa mga ***Institusyong Medikal***. Makikita sa Home Page ng Hiratsuka City ang mga Institusyong Medikal at iba pang mga detalyadong impormasyon. Para sa iba pang katanungan ukol sa bagay na ito ay makipag-alam sa ***HEALTH SECTION (KENKO KA)*** ng Hiratsuka City Office. Telephone Number **0463-55-2111 (0463-55-2111)**.

## 2)SCHEDULE NG LABAN NG SHONAN BELLMARE SA LEMON GAS STADIUM

湘南ベルマーレのレモンガススタジアムでの試合予定のお知らせ

Sa November 30 (Saturday) ay may schedule ng laro ang ***SHONAN BELLMARE*** laban sa ***YOKOHAMA F MARINOS.*** Ang oras ng umpisa ng laban ay mula 2:00 ng hapon. Ang ticket na hindi nakareserba ang upuan kung binili ng maaga ay nagkakahalaga ng **¥ 2500** para sa mga matatanda at **¥ 900** naman sa mga mag-aaral ng nasa elementarya, Junior High School at High School. Kung bibilhin sa takdang araw ng laban ay may karagdagang **¥ 500.**

## 3)UKOL HULING PALUGIT SA PAGBABAYAD NG TAX SA HIRATSUKA CITY

平塚市の納税課より税金の納付期限のお知らせ

Sa December 2 (Monday) ang ika-apat na bahagi ng bayarin ng ***PROPERTY TAX***. Ipinapaalalang bayaran bago matapos ang petsang itinakda at kung hindi makakabayad bago matapos ang itinakdang palugit ay humingi ng payo sa ***TAX PAYMENT DIVISION (NOUZEIKA)*** ng Hiratsuka City. Telephone No. **0463-21-8769 (0463-21-8769).**

## 4)IMPORMASYON SA PAGSISIMULA NG CASHLESS NA EKONOMIYA SA PASILIDAD

平塚市の施設でのキャッシュレス決済開始のお知らせ

Mula sa September 3 (Tuesday) ay maaari nang gamitin ang pagbabayad ng Electronic money sa Heated Swimming Pool at Training Room sa General Gymnasium ng Hiratsuka City. Para sa mga detalye ay makikita sa ***HOME PAGE*** ng Hiratsuka City. Para sa mga katanungan ukol sa bagay na ito ay tumawag lamang sa ***SOGO KOEN MANAGEMENT OFFICE (SOGO KOUEN KANRI JIMUSHO)*** ng Hiratsuka City. **Telephone Number 0463-35-2233 ( 0463-35-2233).**

## 5)EVENT PARA SA PAG-AAMPON NG MGA NAILIGTAS NA PUSA

保護猫の譲渡会のお知らせ

Tuwing ika-4 na linggo ng buwan, ang “***SAMAHAN PARA MABAWASAN ANG MGA LIGAW NA PUSA”*** sa Hiratsuka City ay magpupulong-pulong para sa “Pag-aampon sa mga nailigtas na pusa”, ang oras ay mula 11:00 ng umaga hanggang 3:00 ng hapon sa ***OSC SHONAN*** sa 2$^{ND}$ floor ng “ Your Betia” Hiratsuka Shop. Para sa iba pang katanungan ay maaaring tumawag sa Telephone No. **080-5901-7746 (080-5901-7746).**